

LEVEL
3

Leveled Reader

in Filipino

Ang Tao at Ang Soro



Isinulat ni Idries Shah
Iginuhit ni Sally Mallam
Sinuri ni Neriza C. Pesigan




May isang kaakit-akit na soro.



Mayroon siyang malalambot
na balahibo at kaakit-akit
na balbas.



Mayroon siyang pino at
malagong buntot.



Rowba ang pangalan ng sorong ito. Isang araw, habang nakaupo siya sa tabi ng daan, may dumaang isang lalaki.

“Nawa’y hindi ka mapagod!” bati ng lalaki.

“Nawa’y lagi kang masaya!” sagot naman ni Rowba.




“Nais kong maging mapagbigay ngayon,” sabi ng lalaki.
“Mayroon ka bang nais hilingin?”




“Gusto ko ng manok,” sagot ni Rowba, dahil mahilig kumain ng manok ang mga soro. “Sumama ka sa akin, bibigyan kita!” sagot ng lalaki.

“Marami akong manok sa bahay. Pumunta tayo roon at makakukuha ka ng manok.”

“Magaling!” sagot ni Rowba.



At sabay silang naglakad pauwi
ng lalaki.



Nang makarating sila sa bahay ng lalaki ay pinaghintay ito sa labas. “Maghintay ka muna rito. Pupunta lamang ako sa kulungan ng mga manok upang hulihan ka.” Ang soro naman ay matiyagang naghintay sa lalaking pumasok sa kaniyang bahay.



Kumuha ng sako ang lalaki at nilagyan niya ito ng mga bato. Magpapanggap siya na manok ang laman ng sako. Hindi niya talaga bibigyan ng manok ang soro.



Agad na ibinigay ng lalaki ang sako kay Rowba.


“Ito na,” saad ng lalaki, “manok ang nasa loob nito.”

“Napakabait mo!” puri ni Rowba at akmang bubuksan ang sako upang kainin ang mga manok.


“Huwag!” Biglang pigil ng lalaki.

“Huwag mong buksan dito.”

“Bakit?”



“Kasi,” paliwanag ng lalaki,
“baka may magsasakang
makakita sa iyo rito at magalit
sila. Ayaw nilang binibigyan ng
mga manok ang mga soro.”
Pero siyempre, hindi iyon totoo.
Ayaw lamang ng lalaki na makita
ng soro na bato lamang ang
laman ng sako.
“At ano ang gagawin ko?”
tanong ni Rowba.



“Nakita mo ang halamanang iyon?” turo ng lalaki.


“Dalhin mo ang sako at doon mo buksan. Walang makakikita sa iyo roon at maaari mo nang kainin ang iyong mga manok nang walang istorbo.”

“Magandang idea nga iyan,” sang-ayon ni Rowba.


“Maraming salamat!”



At tumungo nga roon ang soro
bitbit ang kaniyang sako.








Nang marating ni Rowba ang damuhan ay agad niyang binuksan ang sako. Laking gulat niya nang makita na bato ang laman ng sako.

“Nakapagtataka,” sambit niya sa sarili. “Anong klaseng biro ito?”



Nang sumilip siya sa mga talahib, nakita niya na may lambat na nahulog sa kaniya. Ito ay bitag! May mga mangangaso na naglagay ng lambat para makahuli ng mga soro na nagtatago sa talahib.



Noong una ay nag-aalala si Rowba na baka hindi na siya makalabas. Ngunit napakatalino ng mga soro. Naghanap siya ng matulis na bato sa sakong dala niya. Gamit ito, unti-unti niyang pinagpuputol ang lambat.




Gumawa siya ng butas na kasya ang kaniyang kaliwang paa.



Mas nilakihan niya hanggang sa nagkasya ang kaliwa at kanang paa niya.




At mas nilakihan pa niya
hanggang sa naging kasya
ang dalawang unahang paa niya
at ilong.




Patuloy pa ang kaniyang
pagputol, hanggang sa
nagkasya ang dalawang paa
niya sa harapan, ilong, at ang
kabuoan ng kaniyang ulo.



Itinulak at ikinawag niya ang
katawan niya. Hanggang sa...



Nakatakas si Rowba!



Habang tumatakbo pababa ng kalsada si Rowba, tumawa siya nang tumawa. “Maaaring isipin ng mga tao na sila ay matalino,” pagmamalaki niya sa sarili, “ngunit ang mga soro ay mas matatalino pa rin!”



Ngayon, alam na ng lahat ng mga soro ang kuwento ni Rowba at ng lalaking nangako sa kaniya ng manok. Iyon ang dahilan kung bakit sa tuwing makakikita ka ng isang soro, kung hilingin mo sa kaniya na sumama sa iyo sa paglalalakad, hindi niya gagawin.



At iyon din ang dahilan kung bakit napakahirap manghuli ng mga soro at kung bakit sila namumuhay nang malaya at masayang buhay.



USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL



The Asia Foundation